Republika ng Pilipinas
Kagawaran ng Edukasyon
Rehiyon III
**TANGGAPANG PANSANGAY NG BULACAN**

Pebrero 6, 2025

**MEMORANDUM PANSANGAY**
Blg. 103, s. 2025

## PROJECT TUNOG: UNANG HAKBANG SA PAGBASA

Sa mga:
Katuwang na Tagapamanihala ng mga Paaralan
Hepe ng CID
Tagamasid Pampurok
Puno ng mga Paaralang Elementarya
Sa iba pang kinauukulan

1. Alinsunod sa DepEd Order 14,s.2023 – *Policy Guidelines in the Implementation of the National Learning Camp, ang* Tanggapang Pansangay ay magsasag*awa* ng Project TUNOG na ang basikong datos na gagamitin ay resulta ng Mcrla,bilang tugon sa NLC.Ang pagpapabuti ng kasanayan ng mag-aaral sa Pagbasa.

2. Ang Project TUNOG:Unang Hakbang sa Pagbasa ay isang lokalisadong Tanaw-Dinig na materyales.

3. Ang layunin ng proyekto ay ang sumusunod:
   a. magkaroon ng masteri ang mag-aaral sa tunog ng mga letra;

   b. magamit ng mga magulang ang materyales sa paggabay sa kanilang mga anak sa pagsubaybay sa pagbasa at

   c. magamit ng mga guro sa pagtuturo ng Panimulang Pagbasa.

4. Ang pagkakaroon ng pampaaralan at pampurok na gawain ay matamang itinatagubilin at ang susunding panuntunan ay ang mga nakasaad sa Memorandum na ito.

5. Ang 31 Distrito ay inaasahang magsasagawa ng pampurok na presentasyon upang mapili ang pinaka malikhaing materyales na magsisilbing modelo sa pagtuturo ng Tunog ng mga letra sa mag-aaral.Ang pinaka malikhain sa bawat Distrito ay iperesinta sa Pansangay na lebel sa Abril 11,2025 sa Santa Maria Central School.

6. Ang Tanggapang Panasangay sa pangunguna ng Tagamasid Pansangay sa Filipino – **Anatacia N. Victorino** at Tagamasid Pampurok ng Pandi, **Teresita Alquiza** ay mamimili ng lima (5 ) malikhain at inobatibong materyales na irerekomindang gamitin sa Sangay ng Bulacan.

7. Ang Memorandum na ito ay magsisilbing Liham Pahintulot sa Paglalakbay ng mga dadalo sa gawain.

8. Kalakip ng Memorandum na ito ang talaan ng mga Ebalweytor/tagapanayam at Pamantayan ng Gawain sa Enklosyur Bilang 1.

9. Hinihiling ang malawakang pagpapalaganap ng Memorandum na ito.

**NORMA P. ESTEBAN, EdD, CESO V**
Tagapamanihala ng mga Paaralan

Enklosyur Bilang 1 mula sa Memorandum Pansangay Bilang ____, s. 2025

## TALAAN NG MGA EBALWEYTOR / TAGAPANAYAM / Reaktor at TWG

| | Pangalan | Paaralan |
|---|---|---|
| 1 | Anastacia N. Victorino | |
| 2 | Teresita B. Alquiza | Pandi |
| 3 | Emma C. Guitaba | FFHalili NAHS |
| 4 | Mharikith B. Fababier | Bunsuran NHS |
| 5 | Gemma Mata | San Pedro NHS |
| 6 | Jenyfer Guballa | P. Buhangin NHS |
| 7 | Nenita Santos | Obando Senior HS |
| 8 | Abelardo Miranda | Obando School of Fisheries |
| 9 | Cristina Guyo | Santa Maria NHS |
| 10 | Santa Maria Central District TWG/Focal Persons | Santa Maria Central District |


Provincial Capitol Compound, Brgy. Guinhawa, City of Malolos, Bulacan
website: https://bulacandeped.com email. bulacan@deped.gov.ph

Enklosyur Bilang 2 mula sa Memorandum Pansangay Bilang ____, s. 2025

**PAMANTAYAN/PANUNTUNAN SA EBALWASYON NG PROJECT TUNOG: UNANG HAKBANG SA PAGBASA**

**1. Pamantayan at Panuntunan- Tanaw Dinig na Materyales**

A. Ang mga kalahok sa proyekto ay mga guro sa Baitang 1.
B. Isang proyekto,isang presentor sa bawat Distrito.
C. Ang Tanaw-Dinig na Presentasyon ay tatagal lamang ng 6:00 hanggang 7:00 na minuto lamang,(May kaukulang bawas na puntos ang lalabis )
D. Ang presentasyon ng 31 Distrito ay sa Abril 1,2025 sa Santa Maria Central School sa ganap na ika-8.00 ng umaga.
E. Ang isusuot sa araw ng presentasyon ay uniporme.
F. Kasama ng presentor ang kaniyang Tagamasid Pampurok at Punong Guro.
G. Pamantayan sa Pagpili

| **Nilalaman s Etratehiya 50%** | **Kalidad ng Audio at video** 50% | **Kabuoan** 100% | **Ranggo** |
|---|---|---|---|
| 1. | | | |
| 2. | | | |
| 3. | | | |
| 4. | | | |
| 5. | | | |